

Kahulugan, Pinagmulan, at Kinaroroonan: Ang Talastasang Bisaya sa Kasaysayang Filipino

Vicente C. Villan

Panimula

Tumutukoy ang Bisaya sa pangkalahatang tawag sa wika at mga mamamayang Filipino na naninirahan sa kalagitnaang bahagi ng Kapuluang Filipinas. Ilan sa pangunahing pulo na sakop ng Kabisayaan ngayon ay Panay, Negros, Cebu, Leyte, at Samar. Bagama't may maliliit ding pulo sa palibot ng mga islang ito, masasabing ang mga ito pa rin ang nagsisilbing pinagmulang pook ng mamamayan ng mga munting isla maging sa Timog Mindoro, Palawan, Mindanao, at mga pulo sa Katimugang Filipinas pati na ang Isla ng Borneo (Harrison 1956, 43-47). Bilang pang-etnikong klasipikasyon, may mga tukóy nang terminong ginagamit sa pagkakilanlan ng mga Bisaya sa partikular sa mga pulong pinanggagalingan. Ang mga mamamayang nagmula sa Panay ay kolektibong tinatawag ngayon na Panaynon/Panayanon/Panayanhon bagama't may kani-kanila ring pagkakilanlan ang mga ito depende sa kanilang probinsiya. Halimbawa, Aklanon ang tawag sa mga nagmula sa lalawigan ng Aklan (Carroll 1959, 42). Capiznon ang nagmula sa Capiz; habang Ilonggo naman ang pantukoy sa mga mula sa lalawigan ng Iloilo. Gayunman, matatawag ding Ilonggo ang mga nagmula sa kanlurang Kabisayaan pati na ang nasa katimugang Mindoro, Tablas, Romblon, Sibuyan, at timog-kanlurang Masbate (Carroll 1959, 42). Kinaray-a o Hamtikanon naman ang nasa looban at kanlurang baybayin ng mga kabayanan ng Panay.

Samantala, Negrosanon naman ang tawag sa mga tubong Negros; habang Guimarasnon ang mga nagmula sa lalawigan ng Guimaras. Ngunit, inaari na rin nilang Ilonggo sila bilang kolektibong pagpapaloob sa mas kilala at asensadong lalawigan ng kanlurang Kabisayaan—ang Iloilo. Magkaganito man, ang mga mamamayang nakapaloob dito sa ngayon ay tinatawag ding Ilonggo ang kanilang wika—Hiligaynon, Aklanon, at Kinaray-a. Ngunit sa katunayan, ang Hiligaynon ng Iloilo ang nagsisilbing *lingua franca* sa kasalukuyan ng nasabing rehiyon.

Samantala, tinatawag namang Sugbuhanon/Cebuano sa kabilang dako ang mamamayan ng Sugbu/Cebu, timog-silangang Masbate, malaking bahagi ng Negros Oriental, Siquijor, Bohol, kanlurang hati ng Leyte, Dinagat, Siargao, kahalagaan at silangang Mindanao sa mga lalawigan ng Zamboanga del Norte, Misamis Occidental, Lanao del Norte, Misamis Oriental, Bukidnon, Agusan, Surigao, at Davao (Carroll 1959, 42-43); Leytenhon naman ang mula sa Leyte; at Samarnon ang